# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 48*
# *Ang Talinghaga sa hindi Matuwid na Pamamahala*

***"1 At sinabi rin naman niya sa mga alagad, May isang taong mayaman, na may isang katiwala; at ito'y isinumbong sa kaniya na siya'y nagsisira ng kaniyang mga pag-aari. 2 At tinawag niya siya, at sa kaniya'y sinabi, Ano ito na nababalitaan ko tungkol sa iyo? magbigay sulit ka ng pagiging katiwala; sapagka't hindi ka na maaaring maging katiwala pa, 3 At sinabi ng katiwala sa kaniyang sarili, Anong gagawin ko, yamang inaalis sa akin ng panginoon ko ang pagiging katiwala? Magdukal ng lupa'y wala akong kaya; magpalimos ay nahihiya ako. 4 Nalalaman ko na ang gagawin ko, upang, kung mapaalis ako sa pagiging katiwala, ako ay matanggap nila sa kanilang mga bahay. 5 At pagtawag niya sa bawa't isa sa mga may utang sa kaniyang panginoon, ay sinabi niya sa una, Gaano ang utang mo sa aking panginoon? 6 At sinabi niya, Isang daang takal na langis. At sinabi niya sa kaniya, Abutin mo ang iyong kasulatan, at maupo kang madali at isulat mong limangpu. 7 Nang magkagayon ay sinabi niya sa iba, At ikaw, gaano ang utang mo? At sinabi niya, Isang daang takal na trigo. Sinabi niya sa kaniya, Abutin mo ang iyong kasulatan, at isulat mong walongpu. 8 At pinuri ng kaniyang panginoon ang lilong katiwala, sapagka't siya'y gumawang may katalinuhan: sapagka't ang mga anak ng sanglibutang ito, sa kanilang sariling lahi, ay matatalino kay sa mga anak ng ilaw. 9 At sinabi ko sa inyo, Makipagkaibigan kayo sa pamamagitan ng kayamanan ng kasamaan; upang, kung kayo'y magkulang, ay kanilang tanggapin kayo sa mga walang hanggang tabernakulo. 10 Ang mapagtapat sa kakaunti ay mapagtapat din naman sa marami: at ang di matuwid sa kakaunti ay di rin naman matuwid sa marami. 13 Kung kayo nga'y di naging mapagtapat sa masamang kayamanan, sino nga ang magkakatiwala sa inyo ng mga tunay na kayamanan? 12 At kung di kayo naging mapagtapat sa kayamanan ng iba, sino ang sa inyo'y magbibigay ng sa inyong sarili. 13 Walang aliping makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa; o di kaya'y magtatapat sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan." (Lucas 16:1-13 KJV)***

Sa talinghagang ito tungkol sa di-matuwid na katiwala, matututuhan natin ang mabubuting bagay kung paano pangasiwaan ang ating materyal na mga ari-arian at kung paano hangarin ang buhay na walang hanggan.

***"1 At sinabi rin naman niya sa mga alagad, May isang taong mayaman, na may isang katiwala; at ito'y isinumbong sa kaniya na siya'y nagsisira ng kaniyang mga pag-aari. 2 At tinawag niya siya, at sa kaniya'y sinabi, Ano ito na nababalitaan ko tungkol sa iyo? magbigay sulit ka ng pagiging katiwala; sapagka't hindi ka na maaaring maging katiwala pa.*** Ang katiwala ay nagtatrabaho sa ilalim ng isang mayaamng lalaki na nagbigay sa kanya ng materyal na mga bagay upang pamahalaan.

Mayroong mga bagay na ibinigay sa atin at tinawag tayo upang pamahalaan ang mga ito sa isang maayos na paraan. Kaya, kailangan nating maging alisto ng mga sumusunod na mga katotohanan:

A. Ang mga materyal na bagay na natanggap natin at inabuso ay magiging mga kasangkapan na gagamitin sa atin upang turuan tayo ng isang aral.

B. Laging darating ang panahon na tatawagin tayo para magbigay ng salaysay. Maaaring hindi hahayaan ng Dios ang paghatol ng kasalanan sa loob ng isang tiyak na panahon, ngunit sa madaling panahon ay ilalantad Niya ang kasalanan na ginagawa natin laban sa Kanyang kalooban at inaasahan na magbibigay tayo ng salaysay.

C. Laging magkakaroon ng sistemang inilalaan ng Dios para suriin ang ating pamumuhay at harapin ang ating mga pagkukulang; isang sistema na maaaring mag alis sa atin ng ating mga pribilehiyo at mapagkukunan.

D. Ang kasalanan ng katiwala ay pagsasayang ng ari-arian ng kanyang panginoon. Ang pag aaksaya at pang aabuso sa mga mapagkukunan ay isang kasalanan at hahatulan tayo ng Dios batay doon.

E. Dapat nating malamman na ang lahat ng mayroon tayo ay hindi sa atin kundi sa Dios. Ibinigay Niya ang mga ito sa atin upang pamahalaan ang mga ito. Hindi ito sa atin kundi sa Kanya. Kaya, ang pagsasayang ng mga magpakukunan ay pagsasayang na nabibilang sa Dios. Kaya't, kapag nagsayang tayo hinahadlangan natin ang sistema ng Dios.

F. Dapat malaman natin na ang lahat ng mayroon tayo ay hindi sa atin, kundi sa mga tao. Ibinigay ng Dios ang mga ito sa atin upang maipasa ang mga ito sa iba. Samakatuwid, kapag nag aaksaya tayo, pinagkakaitan natin ang iba ng nararapat sa kanila kasama ang kanilang mga karapatan.

***"2 At tinawag niya siya, at sa kaniya'y sinabi, Ano ito na nababalitaan ko tungkol sa iyo? magbigay sulit ka ng pagiging katiwala; sapagka't hindi ka na maaaring maging katiwala pa." (Lucas 16:2 KJV)*** Ang katiwala ay nahuli at hinarap sa kanyang kasalanan. Laging gagawin ng Dios na ilantad ang mga kasalanan, hindi upang ilagay sa kahihiyan ang mga tao kundi upang bigyan sila ng pagkakataon para magsisi. Kailangan nating kunin ito ng positibo kapag nagdulot ang Dios ng mga kagulugan sa ating buhay at inilantad ang ating kasalanan. Ang layunin Niya ay ang ating kaligtasan at hidi ang ating kaguluhan, Kaya't, kunin natin ang pagkakataong ito na magsisi at tumalikod sa ating mga kasalanan at bumalik sa Dios. Pansinin din natin na nang ang katiwala ay hinarap ng mayaman dahil sa kanyang kasalanan, sinabi sa kanya: ***"Sapagka't hindi ka na maaaring maging katiwala pa." (Lucas 16:2 KJV)*** Kaya nagbibigay Siya ng pagkakataon na magpatuloy sa kanyang tanggapan kung pipiliin niyang magsisi. Ang paghatol ng Dios at itatalaga at magkakatotoo kung hindi tayo tatalikod mula sa ating makasalanang asal.

***"3 At sinabi ng katiwala sa kaniyang sarili, Anong gagawin ko, yamang inaalis sa akin ng panginoon ko ang pagiging katiwala? Magdukal ng lupa'y wala akong kaya; magpalimos ay nahihiya ako," (Lucas 16:3 KJV)*** Ang katiwala, sa pamamagitan ng kanyang pag iisip, ay nagpahayag ng maraming mga kasalanan na siya ay may sala sa kanyang buhay. Siya ay tamad at hindi handang magsikap gaya ng sinabi niya, ***"Magdukal ng lupa'y wala akong kaya;" (Lucas 16:3 KJV)*** at siya ay may pagmamalaki at walang kababaang loob gaya ng sinabi niya, ***"Magpalimos ay nahihiya ako," (Lucasa 16:3 KJV)*** Ang pag iisip ng katiwala ay nagpakita na siya'y walang pagsisi at may paraan upang takpan ang kanyang kasalanan pa at maghimagsik.

***"4 Nalalaman ko na ang gagawin ko, upang, kung mapaalis ako sa pagiging katiwala, ako ay matanggap nila sa kanilang mga bahay." (Lucasa 16:4 KJV)*** Kailangan nating maunawaan na ang ating pag iisip ay hindi nagsasalitang salita na sinasabi natin sa Dios. Ang ating mga kaisipan, na hindi matukoy ng diyablo at hindi matutuklasan ng iba sa ating paligid, ay binabasa at binibigyang kahulugan ng Dios, na siyang mambabasa ng ating mga saloobin: ***"9 Ang puso ay magdaraya ng higit kay sa lahat na bagay, at totoong masama: sinong makaaalam? 10 Akong Panginoon, ay sumisiyasat ng pagiisip, aking tinatarok ang mga puso, upang magbigay sa bawa't tao ng ayon sa kanikaniyang lakad, ayon sa bunga ng kanikaniyang mga gawain." (Jeremias 17:9-10 KJV)***

Gayundin, kailangan nating malaman ang mga maling kaisipan na nag aanyaya ng tukso na magliliko ng direksyon sa atin na gawin ang tiyak na mga pasya na magbubunga sa kasalanan. Ang katiwala ay nilutas sa pakikipagkaibigan sa ang tao sa maling paraan at pakikipagkompromiso. Ang mga tao, na nasa pagkakautang sa panginoon niya, ay nakatanggap ng payo mula sa kanya na kung paanong takasan sa pagbabayad ng bahagi ng kanilang utang sa pagsusulat ng kasulatan. Ginawa niya ito upang makakuha ng paglingap sa kanila upang tanggapin nila sa kanilang mga tahanan nang mawalan siya ng trabaho. Ang kanyang puso ay ***"magdaraya ng higit kay sa lahat na bagay, at totoong masama"*** Ito ay kung paanong kumikilos ang mga tao kapag ang kanilang mga kasalanan ay nalantad.

***"5 At pagtawag niya sa bawa't isa sa mga may utang sa kaniyang panginoon, ay sinabi niya sa una, Gaano ang utang mo sa aking panginoon? 6 At sinabi niya, Isang daang takal na langis. At sinabi niya sa kaniya, Abutin mo ang iyong kasulatan, at maupo kang madali at isulat mong limangpu. 7 Nang magkagayon ay sinabi niya sa iba, At ikaw, gaano ang utang mo? At sinabi niya, Isang daang takal na trigo. Sinabi niya sa kaniya, Abutin mo ang iyong kasulatan, at isulat mong walongpu." (Lucas 16:5-7 KJV)*** Nang ipinaalam sa masamang katiwala na mawawala sa kanya ang posisyon kung hindi siya magsisisi, minapula niya ang kalagayan na manaig ang lingap ng kanyang mga kaibigan upang matiyak ang katatagan ng kanyang trabaho sa hinaharap. Ngunit hindi iyon matuwid at hindi makatarungan ay isa pang kasalanan na tayo'y mananagot kung gagamitin natin ang mga tiwalang paraan sa pagharap sa usapin ng ating buhay. Ang pagtutok ng di-makatwirang katiwala na iyon ay makamundong pakinabang at inabuso niya ang mga pinagkukunang-yaman na ipinagkatiwala sa pangangalaga niya upang masiguro ang kanyang kinabukasan.

***"8 At pinuri ng kaniyang panginoon ang lilong katiwala, sapagka't siya'y gumawang may katalinuhan: sapagka't ang mga anak ng sanglibutang ito, sa kanilang sariling lahi, ay matatalino kay sa mga anak ng ilaw." (Lucas 16:8 KJV)*** Sa pangungutya, pinuri ng Panginoon ang di-makatarungan na katiwala dahil sa kanyang katalinuhan sa pagkamit ng kanyang dios-diosan na mithiin sa makadiyablo, makalupa, at di-espirituwal na paraan gamit ang karunungan ng mundong ito. Sa oras na malantad ang kasalanan, ipapakita nito ang tunay na katangian ng taong iyon. Alinman ang mga tao'y magsisisi o magiging mas masahol pa. Pinili ng katiwala ito ang talinghagang sa huli.

***"Sapagka't ang mga anak ng sanglibutang ito, sa kanilang sariling lahi, ay matatalino kay sa mga anak ng ilaw." (Lucas 16:8 KJV)*** Ang mga anak ng sanglibutang ito, ay kagaya ng katiwala, pinili ang makamundong mga kayamanan kaysa sa Makalangit na walang hanggang kayamanan. Makikita natin silang matalino at maayos sa pananalapi, at magaling sa pandaraya, pagsisinungaling, at pagmamanipula at masigasig sa pagkuha sa mga pagkakataon na makamit ang mas maayos na mga posisyon at mag ipon ng mga kayamanan ng

mundong ito. Magkakaroon sila ng kanilang gantimpala sa lupa, ngunit sa impiyerno, tatanggapin nila ang nararapat sa kanila.

Sa kabaligtaran, tayo, ang mga anak ng liwanag, ay dapat huwag sundan ang kanilang mga paraan dahil ang ating pagtutok ay patungo sa Langit. Iniutos sa atin na gamitin ang materyal na ibinigay sa atin sa isang makaDios na paraan upang isulong ang mga ministerio ng Dios, Maaring pagtawanan tayo at pinagtatawanan ng mga tao dahil sa ayaw nating sumunod sa pamantayan ng mundo, gumawa ng masama, at magtaguyod ng katiwalian, ngunit kailangan nating tiisin iyon dahil ang ating gantimpala ay nasa Langit.

***"9 At sinabi ko sa inyo, Makipagkaibigan kayo sa pamamagitan ng kayamanan ng kasamaan; upang, kung kayo'y magkulang, ay kanilang tanggapin kayo sa mga walang hanggang tabernakulo." (Lucas 16:9 KJV)*** Nais ni Jesus sa atin na gamitin ang mga pinagkukunang yaman na ibinigay sa atin sa makaDiyos na paraan at ayon sa Kasulatan, upang mapasaya ang Dios at gawin ang Kanyang kalooban upang masigurado ang kawalang hanggan kasama ng Dios. Tinawag tayo na panatilihin ang pakikipagkaibigan kay Jesus at patuloy na pamahalaan ang ating mga pinagkukunang-yaman ayon sa inaasahan Niya sa atin. Sapagkat kung gayon, gagantimpalaan Niya tayo nang sagana. ***"12 Narito, ako'y madaling pumaparito; at ang aking ganting-pala ay nasa akin, upang bigyan ng kagantihan ang bawa't isa ayon sa kaniyang gawa." (Pahayag 22:12 KJV)***

***"10 Ang mapagtapat sa kakaunti ay mapagtapat din naman sa marami: at ang di matuwid sa kakaunti ay di rin naman matuwid sa marami." (Lucas 16:10 KJV)*** Ang mga pangyayari sa buhay at pagsusulit na ginagamit ng Dios bilang isang pagsisiyasat upang basahin ang ating kaisipan at tingnan ng ating pag uugali. Gagantimpalaan Niya tayo nang naayon. Nasa bahay man tayo, sa opisina, sa pamilihan o sa ibang lugar, tayo ay susubukin at babantayang mabuti kung paanong tutugon tayo sa mga sitwasyon at ang ating katapatan ay susukatin batay doon at ang hinaharap na mga pangyayari ay nakaprograma nang naayon,

Ang katapatan sa maliliit na bagay ay magtatag ng tiwala ng Dios sa atin, samantalang ang di makatarungang paggawa ay mag aalis sa atin ng mga pagpapala ng Dios.

***"11 Kung kayo nga'y di naging mapagtapat sa masamang kayamanan, sino nga ang magkakatiwala sa inyo ng mga tunay na kayamanan?" (Lucas 16:11 KJV)*** Ngayon kung aabusuhin natin ang mga pinagkukunang yaman na ibinigay sa atin at idirekta lamang ito tungo sa ating makasariling pakinabang, hindi tayo pagkakatiwalaan ng Dios ng tunay na kayamanan sa selestiyal. Ang ***"masamang kayamanan"*** ay ang katiwalaang nakapaligid sa atin. Nakikita tayo ng Dios kung paano tayo tutugon sa paraan ng kasamaan. Kung sasabay tayo sa uso ng mundong ito, kung gayon hindi ipagkakatiwala ng Dios sa atin ang walang hanggang kayamanan at maging walang hanggang buhay.

Ang mga materyal na pagpapala ay nagmula sa Dios at ibinigay Niya ang mga ito sa atin upang gamitin ang mga ito nang maayos. Sinusubaybayan niya, sinusuri, at sinisiyasat kung paano natin ginagamit ang mga ito. Ang mga materyal na pagpapala ay hindi sa atin kundi sa Dios. Ibinigay Niya ang mga ito sa atin upang subukin tayo at malaman kung tayo ay tapat sa paggamit ng mga ito. Kung makapasa tayo sa pagsubok, gagantimpalaan tayo ng Dios ng mga pagpapala, iyan ay sa atin at ang mga ito ay magiging walang hanggan. Ngunit kung binigo natin ang Dios at sinimulan nating abusuhin ang ating mga pinagkukunang-yaman upang pangalagaan ang ating laman, makasariling ambisyon, at makamundong mga plano, kung gayon hindi ipagkakaloob ng Dios sa atin ang mga walang-hanggang pagpapala. ***"12 At kung di kayo naging mapagtapat sa kayamanan ng iba, sino ang sa inyo'y magbibigay ng sa inyong sarili." (Lucas 16:13 KJV)***

***"13 Walang aliping makapaglilingkod sa dalawang panginoon: sapagka't kapopootan niya ang isa, at iibigin ang ikalawa; o di kaya'y magtatapat sa isa, at pawawalang halaga ang ikalawa. Hindi kayo makapaglilingkod sa Dios at sa mga kayamanan." (Lucas 16:13 KJV)*** Ang ating materyal na mga pag aari at ang paraan upang pamahalaan ang mga ito ay tutukoy sa susunod nating pagkilos sa buhay at sa ating huling hantungan. Kailangan nating piliin ang Dios at gawin ng maayos sa kung anong ipinagkatiwala Niya sa atin sapagkat ang mga ito ay sa Kanya. Hindi lamang ang mga ito para sa atin kundi sa iba, maging sa susunod na salinlahi.

***Sa aking mga mahal at minamahal:*** Sa kaliwanagan ng Salita ng Dios na tinanggap natin sa mensaheng ito ay simulang siyasatin ang iyong sarili at tinggnan kung may walang katapatan sa loob mo patungo sa pagtitiwala na ibinigay sa iyon ng Dios at kung paanong ginagamit mo ang materyal na mga bagay na ipinagkaloob sa iyo upang luwalhatiin Siya at gawing kayamanan para sa iyong sarili sa Langit, o ikaw ay nasasangkot sa kasamaan ng mundong ito. Kung ikaw ay nasasangkot sa isang makalanan at masamang mga paraan kung gayon lumapit sa Dios sa pagsisisi, talikdan ang iyong pagmamalaki, pandaraya, pagnanakaw, pananamantala, panunuhol at talikdan ang iyong masamang pagmamanipula upang itago ang iyong mga kasalanan at maling gawain.

Magpakumbaba, tumugon sa aral at maging handang ituwid ang iyong buhay at maiwasto sa gayo'y mahabag ang Dios sa iyo at panumbalikan kang bumalik upang paglingkuran Siya at sa gayo'y ang iyong lugar sa Langit ay mapanatili.

Tayo ay manalangin/..

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong Salita na ipinakitang malinaw sa akin ang iyong mga landas at iyong kalooban. Panginoon salamat para sa lahat ng pagtutuwid, sa pagsaway at sa pagpapayo na tinanggap ko sa mensaheng ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at ipahaayg at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan at ipangako ang iyong sarili upang paglingkuran Siya. Ipagtapat at talikdan ang pagsisinungaling, pandaraya, pagnanakaw, pang aabuso, pananamantala, panunuhol, ang iyong pagibig sa pera at materyal na mga bagay. Ipagtapat at talikdan ang iyong mga pagpapapuri, pakikipagkompromiso, katiwalaan at walang katarungan. Ipagtapat at talikdan ang paggawa ng iyong sariling kagustuhan at mga plano at hindi ng kalooban ng Dios at ng Kanyang plano sa iyong buhay. Ipagtapat at talikdan ang iyong kamunduhan at ang iyong walang katapatan. Ipagtapat at talikdan ang iyong kawalan ng pagbabasa ng Salita ng Dios at buhay pananalangin. Ipagtapat at talikdan ang iyong pakikisama sa hindi mga mananampalataya at sa pagkaalipin sa Media, Mga balita at laro. Ipagtapat at talikdan ang iyong masamang pangangasiwa, pagsasayang ng mapagkukunan, kawalan ng pag iikapu at pagbibigay sa Dios, ang iyong katamaran, ang iyong pagkakampante, ang iyong masamang halimbawa at ang iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon patawarin mo ako, Ako'y nagsisisi mula sa sumusunod na mga kasalanan ____________________.*

*Panginoon Aking ipinangako ang aking sarili sa mensahe na Aking tinanggap ngayon, upang maging mabuti at tapat na alipin, magpasalamat sa iyo at simulang maglingkod sa iyo at maging mabuting katiwlaa para sa ipinagkatilwa mo sa aking buhay. Panginoon Aking ipinangako ang aking sarili na gamitin ang ibinigay sa iyo at sa iba at gawin iyon nang naayon sa iyong kalooban. Panginoon Aking ipinangako ang aking sarili na mamuhay ayon sa iyong kalooban at sa mabuting plano na mayroon ka sa akin. Panginoon, Aking ipinangako ang aking sarili na maging mabunga at masigasig na tao sa iyong Kaharian. Itaas mo ako ng iyong biyaya at maglaan sa akin upang patuloy na maglingkod sa iyo.*

*Panginoon Aking dalangin para sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi at ipinangako ang kanilang buhay na mabuhay para sa iyo at maglingkod sa iyo. Panginoon Aking dalangin na bigyan mo sila ng isa pang pagkakataon upang paglingkuran ka. Panginoon Aking dalangin sa kanila na ganap na mabago at magbago sa gayo'y maging mabunga at epektibo sila sa ipinagkatiwala mo sa kanila mula sa mga mapagkukunang yaman. Panginoon protektahan mo sila, maglaan para sa kanila at bigyan sila ng mabuting kalusugan at kalakasan upang matupad ang kanilang ministerio at ang mga takdang gawain na ipinagkatiwala mo sa kanila.*

*Panginoon Aking dalangin para sa amin bilang isang Simbahan ng Dios na kami'y magpapatuloy na maging tapat sa iyo; sa paglilingkod sa iyo ng buong puso at gamitinang lahat ng mapagkukunang yaman na mabunga at gawin nang lubusan ang lahat ng pagkakataon. Panginoon ipinagkakatiwala namin ang aming sarili na patuloy na turuan ang iyong bayan na maging mabuting katiwala, at patnubayan sila ayon sa iyong Salita, kalooban at iyong mga plano para sa kanila. Panginoon dalangin ko na mas marami pang pag eebanghelyo at mas maraming pag aaral sa Bibliya ang itanim at mas maraming manggagawa ang sanayin. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na kaloob upang patuloy kaming maglingkod sa iyo, Panginoon pagpalain kami palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami mula sa kapahamakan upang hindi name madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pag ibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com